Huwag Mong Sayangin Ang Buhay

Karamihan ng tao ay gustong gamitin nang mabuti ang kanilang oras at mga abilidad. Iilan lang sa atin ang gustong magsayang ng kung anumang meron tayo.

Pero maraming tao ang umaabot sa dulo ng kanilang buhay na may kalungkutan at panghihinayang dahil hindi nila nagamit nang mabuti ang panahon na ibinigay sa kanila. Pakiramdam nila ay naaksaya lang ang kanilang buhay o di kaya ay maraming pinalampas na pagkakataon.

Kung ayaw nating sayangin ang ating buhay, kailangan nating alamin ang ating layunin. Bakit ako ipinanganak? Bakit ako nandito sa mundo?

Ito ay mga mabibigat na tanong. Na may katumbas na mabibigat na mga kasagutan.

At ang pinakamainam na paraan para hanapin ang mga kasagutan sa mga tanong na ito ay ang pagbabasa ng Bibliya. Ang Bibliya ay hindi pangkaraniwang libro. Ito ay pahayag ng Diyos kung sino Siya, at kung sino tayo.

Ang Bibliya ang nagtayo ng pamantayan ng pamumuhay para hindi masayang ang ating buhay. At sinasabi rin nito na hindi natin kayang mabuhay ng ayon lamang sa ating sariling mga pamamaraan. Sa makatuwid, napakaraming mali sa atin — ang tawag ng Bibliya dito ay 'kasalanan'— na kung sa atin lang ay hindi nating kayang mapasaya ang Diyos sa kahit na anong paraan.

Pero sinasabi rin sa atin ng Bibliya na hindi tayo pinabayaan ng Diyos na walang tulong at pag-asa.

Si Hesu Kristo, ang kaisa-isang Anak ng Diyos, ay nagkatawang-tao para bayaran ang kaukulang pataw ng kasalanan, at para ipagbati muli ang makasalanang tao sa Diyos. Na habang tayo ay makasalanan pa, si Kristo ay namatay para sa atin.

Patuloy nating masasayang ang ating buhay hanggang ating matutunan na si Kristo ay kailangan natin para maging matuwid tayo sa harap ng Diyos. At sa pamamagitan ng pananampalataya makakapamuhay tayo nang kalugud-lugod sa Diyos. At iyan ang buhay na hindi masasayang!

Nakakalito? Mahirap intindihin?

Gusto naming maipaliwanag pa lalo kung ano ang itinuturo ng Bibliya. Iniimbitahan ka namin sa aming Sunday services, sa umaga at gabi. O di kaya ay tawagan nyo kami at masisiyahan kaming kausapin kayo tungkol sa mga bagay na ito. At kung wala kayong Bibliya, gusto namin kayong bigyan. Sabihan nyo lang po kami.

Papaano kayo mamumuhay ngayon? At sa natitira ninyong panahon ngayong taon? At sa natitirang panahon ng inyong buhay?

Huwag mong sayangin ito.

Reformed Church
BOX HILL

Grace Alone • Christ Alone • Faith Alone • Scripture Alone • Glory to God Alone

Phone: 0408 144 340
eMail: info@rcbh.org.au
Web: www.rcbh.org.au
Mail: P.O. Box 217, Box Hill 3128

Services every Sunday at
10:00am and 5:00pm

28 Watts Street, Box Hill

Come along and spend some time with us then.
Don't waste it.